

# Ang Posibilidad at Hanggahan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkas at Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin<sup>1\*</sup>

CLAUDETTE M. ULIT

culit@ateneo.edu

Pamantasang Ateneo de Manila

## ABSTRAK

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagbubuo at paglalapat ng dulong pampagsasaling nakasentro sa kalikasan na tatawaging “*ekosalin*” na salig sa larangan ng *eco-translation* at ekolingguwistika. Ilalapat ang nabuong dulong o ang ekosalin sa mga piling artikulo sa Ingles na arawang lumabas sa pahayagang *The Manila Times* noong 1986-1989 — ang *Halupi*, partikular ang mga pumapaksa sa *flora* at *fauna* na ituturing sa pag-aaral na ito bilang mga *stories-we-live-by* o mga-kuwentong-nakasanayan-na. Pangunahing hakbang ang paglalantad sa mga padron ng paggamit ng wika sa loob o kabuoan ng teksto, gayundin ang pagtatabi ng mga teksto sa inilatag na ekosopiya ng tagasalin na nakasandig sa konsepto ng malalim na ekolohiya o *deep ecology*, at nakaangkla sa kasalukuyang lagay ng kalikasan o kapaligirang ginagalawan ng tagasalin. Sa pamamagitan nito, matutukoy ang mga (1) tekstong benepisyal para sa kalikasan kayâ dapat na isalin nang walang pagbabago, (2) *ambivalent* o alanganin na kinakailangang ayusin sa salin, at (3) destruktibo o nakasasama sa kalikasan kayâ dapat isantabi’t hindi na isalin. Naroon ang paniwala na kapag nakapasok na sa sistema ang ekosalin ng mga teksto, magagawa na ng ekolohikal na pananaw na makapasok sa nangingibabaw na ideolohiya at sirain ang kasalukuyang mga restriksiyong panlipunan na magbubunsod sa mga panibagong gawi’t asal na magsasantabi sa mga praktikang anti-ekolohikal.

**Mga Susing Salita:** ekosalin, *eco-translation*, ekolingguwistika, translational action, pagpapahalagang ekolohikal

---

<sup>1\*</sup> Binigkas ang naunang bersiyon ng sanaysay na ito bilang panayam sa isang onlayn/hybrid na pandaigdigang kumperensiya sa pagsasalin na “The Cultural Ecology of Translation” na inorganisa ng International Association for Translation and Intercultural Studies (IATIS) at Universitat Pompeu Fabra na ginanap noong ika-14-17 ng Setyembre 2021.

## ABSTRACT

This study focuses on the development and application of an approach in translation that accentuates nature, an “ekosalin”, drawing from the fields of eco-translation and ecolinguistics. The approach is applied to articles originally written in English in *Halupi*, a daily column printed in *The Manila Times* from 1986-1989, particularly focusing on those that are discussing flora and fauna, treating them as ‘stories-we-live-by.’ The predominant steps consist of determining the language pattern used within and in the fullness of the text; and comparing the text with the translator’s ecosophy which is grounded in the concept of “deep ecology” and connected to the present natural or environmental condition. Through this method, texts can be determined as (1) beneficial to environment, thus the need for a translation without modifications; (2) having ambivalences that must be resolved in the translation; or (3) destructive to nature and must not be translated anymore. The principle established here is that once the ekosalin or eco-translation of the texts gets in the system, the ecological perspective will be able to penetrate the dominant ideology and break the present social restrictions, thus welcoming new ways and attitudes that will eradicate anti-ecological practices.

**Keywords:** *ekosalin, eco-translation, ecolinguistics, translational action, ecological appreciation*




## INTRODUKSIYON

Layunin ng pag-aaral na ito na makapagbalangkas at makapaglapat ng isang dulog kaugnay ng ekolohiya at pagsasalin na tatawagin sa pag-aaral na ito bilang **ekosalin** — na isang praktikal at aplikadong dulog ng *eco-translation*. Bagaman halaw ang ilang prinsipyo mula sa huli, higit na radikal ang pagtanaw at paraan ng ekosalin dahil iminumungkahi nito ang pag-uugnay sa ekolingguwistika, maging ang manipulasyon sa pagsasalin ng mga akda mula sa anumang larangan batay sa sarili nitong adyenda na pangunahin na ang maitanghal ang halagang ekolohikal ng mga ito.

Ilalapat ang mabubuonang dulog sa koleksiyon ng mga artikulo sa Ingles na arawang lumabas sa pahayagang *The Manila Times* noong 1986-1989 — ang *Halupi* nina Corazon S. Alvina (CSA) at Felice Sta. Maria (FSM). Partikular na susuriin at isasalin ang pumapaksa sa *flora* at *fauna* sa dahilang napakahalaga ng mga ito sa pag-iral ng tao (Gritzner 85), at pinakamalapit sa panganib ng pang-aabuso. May kagyat na epekto rin ang pagkawala ng mga ito sa kabuonang ekosistema at makikita ang pakinabang o ambag ng pagsusuri at ekosalin ng mga ito sa krisis pangkalikasan ng kasalukuyang panahon. Sa huli, inaasahang makabubuo ng ekosalin ng mga artikulo sa Filipino na magbibigay rito ng panibagong anyo, halaga, at maging mambabasa. Bagaman may mga iskolar nang nagpasimula ng talakay sa konsepto ng *eco-translation* at naiugnay na ito sa iba pang larangan, gaya ng sosyolohiya, teknolohiya, at panitikan, halos nakatuon

ang mga ito sa teoretikal na antas, at hindi sa antas ng aplikasyon. Sa ganitong konteksto ipapasok ang mungkahing balangkas ni Arran Stibbe hinggil sa tinatawag niyang “ekolohiya ng wika” na nagbibigay ng kongkretong paraan o metodo sa pagsusuri at ebalwasyon ng mga teksto kaugnay ng pananaw o tindig ng mga ito sa usaping ekolohikal. Tinutuklas ng ekolingguwistika ang papel ng wika sa interaksyon sa pagitan ng tao, iba pang mga espesye at ng pisikal na kapaligiran at nakapangalap na ng mahahalagang konsepto mula sa iba’t ibang disiplina, halimbawa na ang *Critical Discourse Analysis* kung saan hinango ang mga konseptong ideolohiya, pagkukuwadro, metapora, ebalwasyon, identidad, pagpapatunay, mga padron ng pagbubura, at pagpapatingkad (Stibbe 9) na magagamit sa pagsusuri ng mga teksto. Nakatuon ang ekolingguwistika sa detalyadong pagsusuring panligguwistika sa tinatawag na *stories-we-live-by* o mga-kuwentong-

nakasanayan-na nang ibinubunyag ang nakapailalim na kuwentong inihahayag ng mga ito na magbubunsod sa pag-uuri sa mga teksto bilang destruktibo, *ambivalent* o alanganin, at benepisyal sa kalikasan; at sa huli, ang pagpili ng mga aksiyon batay sa uri ng diskurso: ang pagtanggap sa mga destruktibong diskurso, nangangahulugang hindi na isasalin; ang pagsasaayos sa magiging salin ng alanganing teksto; at ang pagtangkilik sa mga benepisyal na teksto, ibig sabihin, isasalin (33-35).



### Ang limang (5) hakbang sa panukalang balangkas ni Stibbe nang may pag-aangkop sa pagsasalin

Samakatwid, makikita sa pag-aaral na ito na maaaring magamit ang balangkas-ekolingguwistika ni Stibbe bilang batayan ng isang *applied approach* o aplikadong dulog ng ekosalin dahil nagbibigay ito ng mga kongkretong pamamaraan sa detalyadong pagsusuri o *ekosuri* ng mga inihahayag ng mga naratibong ekolohikal. Masasabing matagumpay ang paglinang ng isang aplikadong dulog sa ekosalin kung ang mga ekolohikal na konsiderasyon ay magagawang makaapekto sa pagsasalin, samakatwid, makaapekto sa tunguhang teksto. Kung gayon, masasabing maitutulad ang *ekosalin* sa mga pagsasalang feminista at postkolonyal sa punto na ang kasarian at ang postkolonyal na representasyon, tulad ng ekolohikal na representasyon, ay maaaring baguhin batay sa kung gaano kamalay ang tagasalin sa mga dimensiyong ito ng simulaang teksto.

Gaya ng nabanggit na sa panimula, ilalapat ang mga kaisipang mabubuo sa *Halupi*. Natipon na naisaaklat na ang mga ito na may kapareho ring pamagat noong 1989 ng Capitol Publishing House, Inc. na siyang gagamitin sa pag-aaral na ito. Nakaayos ang maiikling sanaysay/artikulo na ito batay sa kabuoang petsa ng taon, at dahil tatlong taon ang saklaw nito, may tatlo ring teksto sa bawat araw na pinaghihiwalay sa pamamagitan ng mga paksa at paglalagay ng taon ng pagkalathala sa pinakadulo ng bawat teksto. Itinuturing din ng mga awtor ang nasabing mga teksto bilang “Essays on Philippine Culture,” na nangangahulugang nakabatay ang mga ito sa matamang obserbasyon at pananaliksik. At dahil tinatawag nga ng aklat ang kaniyang kabuoan bilang “cultural essays” o mga sanaysay pangkultura, nilalayan nito, ayon na rin sa talâ ng mga awtor na, “to inspire curiosity and enthusiasm, to build cultural awareness, and to strengthen one’s sense of nationhood remains constant” (viii). Sa ganitong perspektiba, mainam na suriin kung paanong nakita, inilarawan, at ginamit ng kabuoang akda ang kalikasan/kapaligiran hindi lámang sa pagsasakatuparan ng mga nabanggit na layuning, kundi sa pagbuo ng imahen o larawan sa kamalayan ng mambabasa hinggil sa kalikasan. Sa ganito ring paraan, masusubok ang pagtingin nang lampas pa sa mga usaping pambansa at kultural na hanggahan upang kilalanin ang organismo ng planeta, ang sangkatauhan bilang isang espesye.

### EKOSALIN: TUNGO SA PAGBUO NG ISANG PRAKTIKAL AT EKOLOHIKAL NA DULOG SA PAGSASALIN

Muling binigyang-diin ni Susan Bassnett sa kaniyang sanaysay na “Culture and Translation,” ang matagal nang ipinahahayag ng ilang batikang tagasalin na napalaya na ang pagsasalin sa hamak na pagturing dito bilang tagapaglingkod lámang ng awtor o manunulat (Kuhiwezak at Littau 2007). Nangangahulugang nalinang na ito bilang disiplinang nakapag-aambag sa pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili at sa kaniyang kinapapaloobang sitwasyon sa mundo tungo sa pagtuklas ng mga pamamaraang magtutulak ng kaniyang ibayong pagbabago at pag-unlad. Samakatwid, hindi

na lámang nagtatakda kung paano dapat magsalin sa mga kontemporaneong teorya sa pagsasalin, kundi sinisikap nang lumikha ng mga pag-unawa hinggil sa masalimuot na proseso ng pagsasalin na natatakdaan ng mga kontekstong panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, at iba pa. Kinikilala na sa kasalukuyan ang pagsasalin bílang muling pag-akda sa tunguhang wika. Sa postmodernong panahon, ayon kay Bassnett, binigyang-pansin ang kaugnayan ng pagsasalin at ideolohiya sa *cultural turn* o kultural na pagpihit ng mga araling pagsasalin dahil tinitingnan nito ang pangkasaysayang aspekto ng pagsasalin. Ayon sa kaniya:

Mayroon ding diyakronikong dimensiyon ang kultural na pagpihit. Sa mga unang bahagi ng pagkahubog ng mga idea sa larangan ng Mga Araling Pagsasalin, nakitang mahalaga ang pangangailangang bumuo ng komprehensibong kasaysayan ng pagsasalin, isang henealohiya ng praktika ng pagsasalin tulad ng tinuran ni André Lefevere, at ang dagdag na diin sa mga katanungang kultural ang lalong nagpausad sa pag-aaral ng kasaysayang pampagsasalin. Higit na mahalaga, binuksan ng kultural na pagpihit ang mga usapin kaugnay ng iba't ibang estado ng mga panitikan, ang mga ideolohikal na implikasyon na nakapailalim sa pagsasalin, ang makapangyarihang mga ugnayan sa pagitan ng mga kultura (Berk xii). [akin ang salin]

Sa perspektibang ito sa pagsasalin, tiningnan na ng mga mananaliksik ang kapangyarihan ng pagsasalin na bumuo ng mga identidad at magmanipula ng mga tekstong isinasalin. Bunga nito ang higit na pagsigla ng pag-aaral at paglikha ng iba pang mga teoryang susuporta sa iba't ibang paraan ng pagsasapraktika nito na nakaapekto rin sa pagsulong ng mga teorya at praktika sa iba pang mga larang na naglalayon din na lalong mapataas ang pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili at sa relasyon niya sa kapuwa at sa mundong kaniyang ginagalawan. Ang *eco-translation*, maging ang ekosalin ang ilan sa halimbawa ng pagsasalikop ng iba't ibang disiplinang kultural sa naging bunga ng naganap na kultural na pagpihit sa larangan ng pagsasalin. Maiiugat din ito sa pamamayagpag

ng mga postmodernong nobelang nakasentro sa mga suliraning nagmumula sa kapaligiran/kalikasan sa hulíng bahagi ng ika-20 siglo na nagbunsod naman sa pag-usbong ng ekokritisismo na nangangahulugang aplikasyon ng ekolohiya at mga konseptong kaugnay nito sa pag-aaral ng panitikan (Hiltner 2015). Tulad ng ekosalin, layunin ng ekokritisismo na magmungkahi ng pagbasang ekolohikal o pagbasang may pagsasaalang-alang sa mga isyung pangkalikasan sa mga tekstong pampanitikan upang sa gayon ay mapanumbalik ang mga akdang di-nabigyang-pansin sa nakaraan dahil sa kakulangan ng tiyak na balangkas na teoretikal sa pagsusuri ng mga ito. Tugon din ito sa modernidad, na tila bingi sa tinig ng mundo o kalikasan (Nabholz 37-41). Ayon kay Cheryll Glotfelty, sa introduksiyon ng kaniyang aklat na *The Ecocriticism Reader: Landmarks in Literary Ecology*:

Ano ngayon ang ekokritisismo? Sa payak na pagpapakahulugan, ang ekokritisismo ay pag-aaral ng ugnayan sa pagitan ng panitikan at ng pisikal na kapaligiran. Tulad ng feminismo na sumusuri sa wika at panitikan mula sa perspektibong malay sa kasarian, at Marxismo na nagpapamalay sa mga moda ng produksiyon at uring ekonomiko sa pagbabasa ng mga teksto, nagbubunsod naman ang ekokritisismo ng dulog na nakasentro sa mundo sa araling pampanitikan. (xix) [akin ang salin]

Sa ganitong pagtanaw, mapaghahanguan din ng pag-aaral na ito ang ekokritisismo ng mga batayan sa pagsusuring kaugnay ng representasyon ng kalikasan, ang papel ng kalikasan sa teksto, ang ekolohikal (o anti-ekolohikal) na mga pagpapahalaga sa akda, ang paggamit ng paulit-ulit na tayutay o mga likás na *motifo* paksa at karakterisasyon. Katuwang ang mga kaisipan mula sa ekolingguwistika, higit nitong mapatitibay ang potensiyal ng ekosalin na makalikha ng “panibagong mga akda” alinsunod sa ekolohikal na bisyon — na siyang magiging kaibahan ng pag-aaral na ito sa mga nauna nang nagtuon lámang sa teoretikal na aspekto nito, at halos hindi nakarating sa mismong pagsasalin ng mga teksto. Halimbawa si Gengshen Hu (2003) na nakasentro sa interaksyon ng tagasalin sa iba pang salik at ilang kultural na aspekto

ng kaniyang kapaligiran, si Clive Scott (2015) na binigyang-kahulugan naman ang *eco-translation* bilang siko-pisyolohikong pakikibahagi o *psycho-physiological involvement* ng tagasalin sa simulaang teksto; at maging ni Michael Cronin (2017) na nagtuon sa ekolohiya ng salin at papel ng tagasalin sa preserbasyon ng dibersidad ng wika, na kalaunan ay naikawing na rin niya sa magiging papel ng tagasalin sa pagsusulong ng higit na *sustainable development* o sustenibleng pagpapaunlad ng lipunan.

## EKOSALIN BILANG TRANSLATIONAL ACTION

**B**ukod sa pagsusuri sa mga teksto at pagsasama ng mga salik-lingguwistika sa iba pang diskurso, isa rin ang pagsasalang interlingguwal sa mga pamamaraan upang maisulong ang mga benepisyal na teksto. Para kay Jakobson, ang pagsasalin mula sa isang wika patungo sa isa ay may potensiyal na makapanghikayat ng bagong pangkat ng mga mambabasa (Jakobson 127), basta’t ang ekolohikal na pananaw at pagpapahalaga ng orihinal ay nananatiling nása tunguhang teksto. Sa ganitong paraan, maaaring tingnan ang ekosalin bilang isang anyo ng *translational action* kung saan ang layunin ng tunguhang teksto ay tutulan, ayusin o isulong ang ekolohikal na tindig ng simulaang teksto. Hindi lubos ang analohiya sa teoryang *skopos* dahil hindi mawawala o mapuputol ang ugnayan ng simulaan at tunguhang teksto.

Maaaring ayusin ang alanganing teksto sa mismong pagsasalin na maaaring magresulta sa isang ekolohikal na tunguhang teksto. Dapat linawin na sa ganitong lápit, mangangailangan ng mga pagbabago sa teksto, kung kaya’t maaaring mauwi ito sa adaptasyon at hindi lámang simpleng pagsasalin na maiuugnay sa *refractions* o *rewritings* ni Lefevere. Para sa kaniya, walang estriktong tama o maling salin, kundi usapin ito ng mga motibasyon at intensiyon ng tagasalin, at ng iba pang mga ahensiyang nása paligid. (Mainam na basahin ang Lefevere, 1992). Limitado lámang din ang maaaring gawin ng tagasalin sa mga destruktibong teksto. Ang pinakamatinding pagtutol na maaaring gawin ay hindi na nga ito isalin, subalit nása tagasalin pa rin ang pagpapasya. Gayunman, possible rin magbunga ito ng alanganing teksto, na hindi pa rin alinsunod sa ekosopiya o di kaya’y lumabas na parodiya ng orihinal.

Sa ginawang pagsusuri, pinag-aralan ang bawat artikulo batay sa ekolingguwistikang perspektiba, sinipat ang mga ito upang mailantad ang mga padron sa paggamit ng wika — talasalitaan o bokabularyo, pagkakaugnay-ugnay ng mga salita, paraan ng paglalahad ng mga pangyayari, paraan ng pagpepresenta o pagpapakilala ng mga tagaganap, at talinghaga. Sa ganitong paraan, matutukoy ang mga kuwentong nakakubli o nakapailalim na maikakategorya sa walo, alinsunod na rin kay Stibbe: ang ideolohiya, pagkukuwadro, metapora, ebalwasyon, identidad, pagpapatunay, mga padron ng pabubura, at pagpapatingkad. Narito ang mga halimbawa at paliwanag/pagsusuri:

Mga-kuwentong-nakasanayan-na		Manipestasyon sa wika (mula sa <i>Halupi</i> )
Ideolohiya	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa pinaniniwalaan ng ispesipikong pangkat na nailalantad sa pamamagitan ng mga diskurso, ng mga anyo ng wika na ginagamit ng mga pangkat o institusyon.	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga diskurso, mga kumpol ng mga katangiang pangwika na maiuugnay sa isang pangkat.</li> <li><u>Hal.</u> sa pamamagitan ng metaporikal na pahayag na “Nangamote and pulutin sa kangkungan are synonymous Tagalog expressions that performed below par”, gayundin ang “Both plants have been looked down upon as lowly survival food, only slightly better than nothing to eat, until glazed sweet potatoes (then baked with marshmallows on top), and crisp-fried kangkong leaves (dipped in a thick garlic sauce) became fashionable” na kung hindi pa iluluto bilang <i>gourmet</i>, hindi ito maihahain sa hapag-kainan. Dito nabubunyag ang modelong kultural o ideolohiya ng mga Pilipino na mapanghusga at higit na pinahalalagahan ang mataas na uri ng pamumuhay. (mula ang halimbawa sa “Food for Speech”)</li> </ul>

Pagkukuwadro	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa mga tiyak na bahagi ng búhay na gumagamit ng ‘maliliit na pakete’ ng pangkalahatang kaalaman na humuhubog sa kung paano nakikita ng tao ang mundo.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Trigger words</i>, mga salitang nagbubunsod ng mga tiyak na pagkukuwadro sa isip.</li> <li>• <u>Hal.</u> pagkukuwadro sa mga likás na yaman bílang mga komersiyal na produktong kinokonsumo ng tao; <i>trigger words</i>: “pleasure”, “delicious”, “products”, “flavorful”, “refreshingly” (mula ang halimbawa sa “Top Nut”)</li> <li>• <u>Hal.</u> sa paggamit ng mga salitang “most expensive”, “key ingredient”, at pagtutulad ng estado ng dilaw na kulay nito sa lila na kulay ng “royalty” sa Europa, nailuluklok ang saffron (<i>crocus sativus</i>) sa pinakatuktok ng hirarkiya ng mga pampalasa; habang sa mga salitang “substitute”, “bastard”, “wild (saffron) herb” nagagawang mabura at maikuwadro ang tila di-makapapantay at “lokal” na <i>kasubha</i> (<i>Carthamus tinctorius</i>) (mula ang halimbawa sa “Golden Grains”)</li> </ul>
Metapora	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa paggamit ng tiyak, kongkreto at malinaw na kuwadro sa pagsasaalang-alang o paglalarawan sa isang bahagi ng búhay.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga paralelismo, pagtutulad</li> <li>• <u>Hal.</u> ang búhay ng halaman ay tulad ng búhay ng tao: “moving orchids and flowering plants where they receive morning sunlight”, “In traditional child-bearing, the newly severed umbilical cord was buried as if it were a eastern coconut awaiting its first sign of green; “Like plant, like babe”, “Sunlight was recognized as Bearer of Life.” (mula ang halimbawa sa “The Sun Side”)</li> </ul>
Ebalwasyon	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa pagiging mabuti o masama, negatibo o positibo ng isang tiyak na bahagi ng búhay.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Appraisal patterns</i>, mga padron ng wika o lipon ng mga salita na positibo o negatibong kumakatawan sa isang bahagi o aspekto ng búhay.</li> <li>• <u>Hal.</u> maituturing na isang uri ng ebalwasyon ang sanaysay na nagpapahayag sa negatibong epekto ng pag-abuso o labis na pagkonsumo sa kalikasan, na may kaakibat itong konsekwensiya: “who must now get what they deserve consequences of deforestation such as warmer and stickier climes, floods, and the sting of the Tagalog saying “Ubos-ubos biyaya, tapos nakatunganga!” (mula ang halimbawa sa “Wood Woes”)</li> </ul>
Identidad	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung sino ang tao, partikular ang mga pangkat na kinabibilangan, at ang lugar ng pangkat na ito sa lipunan.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga salitang nagbibigay-kahulugan sa katangiang taglay ng mga ispesipikong uri ng tao.</li> <li>• <u>Hal.</u> maging ang simpleng paghahardin ay ginagawang negosyo at pinagkakakitaan. Itinuturing ang mga halaman bílang mga obheto at <i>natural capital</i> na ibinebenta at binibili para sa pansariling layunin: “For some, objects are must-haves, or status symbols. Even plants are subject to this curious flow and ebb of enthusiasm. The rarer and more expensive the botanical species, the more desirable”. (mula ang halimbawa sa “Green Issue”)</li> </ul>



Pagpapatunay	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung ang isang partikular na paglalarawan ng mundo ay totoo, maaaring mangyari, hindi mangyari, o walang katotohanan.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Facticity patterns</i>, mga pamamaraan ng pagtukoy na ang isang pahayag ay tama, mali, o hindi sigurado</li> <li>• <u>Hal.</u> “We lose a part of paradise each time indiscriminate logging and slash-and-burn agriculture take down what climate and soil have formed majestic hardwood forests” dahil na rin sa pagtukoy sa walang habas na pagtotroso at pagkakaingin na pawang mga aktibidad ng tao na nakasisira sa kalikasan. (mula ang halimbawa sa “Vanishing Forests”)</li> </ul>
Pagbubura	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung ang isang bahagi ng buhay ay di-mahalaga o hindi na dapat pahalagahan.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga padron ng wika na nabigong katawanin ang isang partikular na bahagi ng buhay sa kabuoan, o maaari ding manipulado; abstraksiyon, diskoneksiyon</li> <li>• <u>Hal.</u> mga salitang ginamit sa paglalarawan sa salagubang: “a living, breathing, flying toy” malinaw na ito ay isang pagbubura sa halaga ng insekto, gayundin ang pagturing dito bilang isang bagay at walang mahalagang papel sa kabuoan ng ekosistema tulad ng pagiging pangunahing tagaresiklo ng mga sustansiya mula sa mga patay na hayop at halaman para sa pertilidad ng lupa. (mula ang halimbawa sa “Salagubang and Sineguelas”)</li> </ul>
Pagpapatingkad	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung ang isang bahagi ng buhay ay mahalaga at dapat na ikonsidera.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga padron ng wika na nagbibigay ng halaga sa isang bahagi ng buhay.</li> <li>• <u>Hal.</u> pagpapatingkad ng mga ritwal at praktis ng mga pangkat etniko o katutubo na nagpapakita ng malapit at di-nakapipinsalang ugnayan ng tao sa kalikasan, lalo’t may paniniwala sila na may mga insekto tulad ng mga bubuyog na tagapaghatid ng magandang panahon: “In the Cordilleras some powerful spirits were said talent to possess numerous beehives”, “Rituals among the Tagbanua living on Palawan include offerings to bees”, at “Prayers are made to Timingkalan known to hide honey sites from hunters by creating a row of magical trees”. (mula ang halimbawa sa “Sweet Treats”)</li> </ul>

Hindi dapat ituring na magkakahiwalay ang mga nabanggit na mga-kuwentong-nakasanayan-na lalo’t may mga pagkakataong nagsasalikop ang mga ito.

## ANG EKOSUPIYA BILANG GABAY SA EKOSENTRIKONG PAGPIHIT

**M**alaki rin ang gagampanang papel ng nabuong **ekosopiya** ng tagasalin na magiging daan upang matiyak ang magiging aksiyon niya — pangunahing dahilan kung bakit tinutuklas at inilalantad ang mga tinatawag na mga-kuwentong-nakasanayan-na ay upang kuwestiyonin ito, gayundin ang hamunin — kung ang mga naratibo bang ito ay alinsunod sa kasalukuyang kondisyon ng mundo o kinakailangan bang maghanap na ng mga bago? Ang kasagutan dito ay depende sa etikal na bisyon ng tagasuri o tagasalin na may kani-kaniyang *set* ng mga pilosopikal na paniniwalang gagamitin niya sa paghugsa sa mga naratibo, subalit nagkakaisa sa pagsasaalang-alang ng magkakasalikop na ugnayan ng tao sa iba pang mga organismo at maging ng pisikal na kalikasan/kapaligiran. Magsisilbing gabay ang pagpapakahulugan dito ni Naess sa pagbuo ng ekosopiya para sa pag-aaral na ito:

Ibig kong ipakahulugan sa ekosopiya ang isang pilosopiya ng ekolohikal na armonya o pagkakatugma-tugma [...] hayag na normatibo na naglalaman ng mga pamantayan, tuntunin, pagpapalagay, paghahayag ng mga pangunahing pagpapahalaga at mga pagpapalagay

kaugnay ng estado ng mga ugnayan [...] Nagpapakita ng maraming pagkakaiba-iba ang mga detalye ng ekosopiya dahil sa makabuluhang kaibahan hindi lámang sa mga “katunayan” ng polusyon, ng mga likás na yaman, populasyon, at iba pa, kundi maging sa mga pangunahing pagpapahalaga. (Drengson at Inoue 8) [akin ang salin]

At dahil taglay nito ang tinatawag na *norms at value priority announcements*, walang maituturing na nag-iisa at “wastong” ekosopiya na nararapat pagbatayan. Magagawa lámang itong husgahan batay sa kung ang nilalaman ba nito ay umaayon o sumasalungat sa mga pagpapalagay hinggil sa estado ng lipunan/mundo kung saan ito ibinatay, o kung mayroon bang makikitang panloob na salungatan. Kaya’t sa puntong ito, mahalagang bigyang-diin na ang pagsusuring gagawin — ang pagpapasiya sa kaangkupan at di-kaangkupan ng isang teksto o salin sa konteksto ng ekolohiya ay maaaring lumampas na sa usaping lingguwistiko, gayundin sa pormalismo, sa dahilang higit itong nakasandig sa mga aspektong kultural at ideolohikal. Idagdag pang sa gagawing sariling ekosopiya para sa pag-aaral, maaaring itabi ang sariling pagpapahalaga sa mga usapin at pagpapahalagang pangkapaligiran/kalikasan sa aspektong pambansa, lalo na’t ang napiling materyales ay nakaugat din sa parehong kultural na karanasan.

### ANG PANGANGAILANGAN NG PILIPINAS SA ISANG EKOSENTRIKONG KUMBERSIYON

Mahalagang mabatid ng tao ang lawak ng pinsala sa kalikasang inaasahan niya upang mabuhay, at ang napakalaki niyang papel sa pangyayaring ito. Sa gayon, mamamalayan niya ang pangangailangan para sa isang ekosentrikong kumbersiyon na magmumula sa sarili tungo sa ekolohikal na pagpapabuti ng kalikasan/kapaligiran ng bansa, o higit na mainam, ng buong mundo, lalo’t mapatutunayan na may kamalayang nakapaibabaw sa mga diskursong pangkalikasan. Sa pagbabasa ng mga pangunahing pahayagan, panonood ng balita sa telebisyon o pakikinig nito sa radyo, maging

sa pagtingin sa mga *website*, makikitang napakarami nang nagawa at nagagawa pa ng iba’t ibang sektor ng lipunan, maging ng pamahalaan para isalba ang kalikasan, anupa’t sa kabila nito, nariyan pa rin ang mga suliranin at patúloy pa rin ang pagkasira ng kalikasan. Kaya’t mahalagang makita ang larawan ng biyodibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan ng pahapyaw na paglalarawan dito, kasunod ng mga pangunahing dahilan ng pagkasira ng kalikasan sa bansa kung saan din iniuugat ng tagasalin ang kaniyang ekosopiyang gagamitin sa pag-aaral na ito.

### ANG PILIPINAS AT ANG BIYODIBERSIDAD NA TAGLAY NITO

Nása Pilipinas ang higit sa limang porsiyento (5%) ng *flora* ng buong mundo kung saan may 10,000 na naitalang espesye, na ang limampung porsiyento (50%) nito ay namumulaklak at itinuturing na endemiko sa Pilipinas. Higit sa limampung porsiyento (50%) naman ng *vertebrate species* at halos pitumpung porsiyento (70%) ng mga insekto rito ay endemiko, at maituturing na ikalawa sa *biological hotspots* sa dami ng espesye kada kilometro kuwadrado. Itinuturing din ang bansa bílang sentro ng *marine diversity* dahil sa malaking bílang ng mga isda, bakawan, at mga molusko. Saklaw naman ng kagubatan ang humigit-kumulang dalawampu’t tatlong porsiyento (23%) ng kabuoang kalupaan kung saan anim na porsiyento (6%) nito ang natataniman ng meranti o lauán (*Shorea Negrosensis*). Higit sa siyamnapung porsiyento (90%) ng kagubatang natataniman nito ang naglaho na sa nakalipas na 50 hanggang 60 taon kasabay ng pagkawala ng mga espesye ng *flora at fauna* na endemiko sa Pilipinas at naglagay sa panganib sa tinatáyang 236 na halaman, 56 na mammal, 146 na ibon, 55 na reptayl, 60 na ampibyan, at 116 na isda. Saklaw naman ng lupang agrikultural ang apatnapung porsiyento (40%) ng arkipelago, at labing-apat na porsiyento (14%) rito ang itinuturing na ‘di-napakikinabangan’ dahil sa pagkakaingin o iba pang anyo ng deporestasyon. Ilan sa mga katutubong pananim ay ang píli, abaka, at mangga na sinasabing pinakamatamis sa mundo. Ilan naman sa mga inangkat o ipinasok lámang na pananim sa bansa ang mais, tabako,



at pinya (Mainam na basahin ang Catibog at Heaney 2006).

Bagaman may panahon ng kakulangan sa tubig sa ibang rehiyon, biniyayaan ang bansa ng higit pa sa pangangailangan ng mga naninirahan dito. Gayunman, animnapung porsiyento (60%) nito ang kontaminado at halos sangkatlo lámang ng tubig ang maituturing na ligtas inumin dahil na rin sa polusyong dulot ng domestikong at industriyal na duming itinatapon sa katubigan. Isa ang Ilog Pasig na pangunahing ilog sa Maynila sa itinuturing na pinakamaruming ilog sa mundo (Lebreton, et.al). Noong 2010, nása higit sa animnapung porsiyento (60%) ng kabuoang populasyon ang naninirahan sa 1,608 na bayan at siyudad ang kumokonsumo ng tubig at iba pang likás-yaman. At sa 2025, tinatayang halos sasapat na lámang ang suplay ng tubig sa malalaking siyudad at halos limampung porsiyento (50%) sa mga pangunahing inaapawan ng mga ilog. Ang patúloy na pagkasira at di-sustenibleng gawi sa pag-unlad ang magpapalubha sa pagbabago ng klima na nararanasan ng bansa. Maituturing na pinakalantad ang Pilipinas sa bagyo. Madalas na manalasa ang mga ito sa Hilagang bahagi ng bansa kung saan kalat-kalat ang populasyon. Gayunman, hindi ito ang naging kaso sa bagyong Yolanda na maituturing na pinakamapaminsalang bagyo na nanalasa sa Visayas noong 2013 na kumitil sa higit na 6,000 katao (Boquet 48-57).

Noong 2014, tinatáyang nása 99.14 milyong tao ang populasyon ng Pilipinas at patúloy itong tumataas nang 1.6% kada taon, na isa sa pinakamataas sa buong mundo. Sa pagtáyang demograpiko, nakikita na may 153.4 milyong tao na sa Pilipinas sa 2050. Halos siyamnapu't limang porsiyento (95%) nito ang nakatira sa 11 na isla kung saan mahigit sa kalahati ang nása Luzon at Mindanao. May 70 na minorityang pangkat na itinuturing na mga katutubong habang 70-170 na wika ang tinatayang katutubo rin sa bansa, na karamihan ay bahagi ng Malayo-Polynesia na sangay ng pamilya ng wikang Austronesyo. Napakaliit na lámang ng bílang ng mga aborihinal na Negrito o Pygmies (na kilala rin bilang mga Aeta). Sa ilang katutubong komunidad, sagrado at pangunahing pinagmumulan ng kanilang kultural na pagkakakilanlan ang ilang tiyak na likás-yaman o lugar. Labis na umaasa ang mga kultura at kaligtasan ng mga katutubo at lokal na komunidad sa natural na kapaligiran.

Sa paglipas ng taon, naiangkop na nila ang katutubong kaalaman at pamamaraan sa paggamit at pagpapanatili ng mga likás na yaman. Kaugnay nito, sapilitang inatasan ng United Nations (UN) ang lahat ng kanilang kaanib na bansa na igalang at pangalagaan ang gayong kaalaman at mga praktis, sa gayon, maipalaganap pa ang mga ito nang may pagsang-ayon ng mga komunidad, at upang matiyak na patúloy itong pakikinabangan hindi lámang ng tao, kundi ng lahat ng kabahagi ng ekosistema sa kabuoan (48-57).

Sa kabila ng napakaraming likás-yaman na taglay ng Pilipinas, wala pa ring katiyakan ang hinaharap ng biyodibersidad at kabuoang ekolohikal na aspekto nito. Nása ika-9 na antas ang Pilipinas sa buong mundo sa pagkakaroon ng mga pinakananganganib na mga ibon at ika-8 naman sa nanganganib na mammal. Sinuri ng *International Union for Conservation of Nature (IUCN) Red List of Threatened Species* noong 2013 ang 648 na halaman sa Pilipinas, at lumalabas na 443 sa mga ito ang pinakananganganib, o napipintong manganib. Noon namang 2010, 19 na espesye ng mga hayop ang naitala ng *Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Flora and Fauna (CITES)* bílang mga nanganganib nang maglaho, at karagdagan pang 814 na espesye na maaaring manganib na rin.

Mga nakababahalang pangyayari na pawang nag-ugat sa kapabayaan ng tao na nagbubunga hindi lámang ng pinsala sa kaniya kundi sa lahat ng may búhay sa mundo. Sa gayon, napakahalagang mapagtuonan ng pansin ang mga ito at mabigyan ng agarang solusyon.

Narito ang ekosopiyang nabuo ng mananaliksik na siyang gagamitin sa pagsusuri: 1) pagkakaroon ng simpleng pamumuhay, 2) pagpapahalaga sa lahat ng anyong-buhay, 3) pagtangkil sa lokal na produkto, 4) pagkontrol sa populasyon ng tao, 5) pagpapahalaga sa mga pangkat-etniko at mga tradisyon, 6) pagtukoy at pagkilala sa tao bílang pangunahing mapaminsala sa kalikasan — na pawang mahalaga at makatutulong upang ibsan o tuluyang tuldukan ang mga pangunahing dahilan sa pagkasira ng kalikasan sa Pilipinas tulad ng mga sumusunod: ang eksploytasyon ng mahahalagang habitat, panghihimasok ng mga banyagang espesye, pagtaas ng populasyon ng tao na nagbubunga ng polusyong, pagbabago ng klima, at labis na pagkonsumo.

**ANG EKOSALIN AT EKOSURI NG MGA PILING MGA-KUWENTONG-NAKASANAYAN-NA SA HALUPI**

**EKOSALIN**

THE SUN SIDE	SA PANIG NA NASISIKATAN NG ARAW
<p>Coconuts are usually made to sprout in a spot on the eastern side of farmland. This is similar to moving orchids and flowering plants where they receive morning sunlight. The Gaddang of northern Luzon place their porous water jars in the eastern corner of the raised kitchen. As the liquid seeps through the container and unto the ground, the corner under the kitchen also becomes a fine place for sprouting coconut seedlings. In traditional child-bearing, the newly severed umbilical cord was buried as if it were a eastern coconut awaiting its first sign of green; “Like plant, like babe,” went the magical rationale. Sunlight was recognized as Bearer of Life. A preference for clockwise direction when moving in a circle is the reminder of ancient sun-worship. One faced the sun at the start of every ceremony and moved away from it, from east to west — in what became “clockwise”. One traveled in a right-handed manner. The habit was considered luck-bringing. Counterwise was supposed to be unlucky because it symbolically strengthened the power of darkness over light. But Nordic oral tradition has the south paw or left-handed person’s perfect defense: Left-handed deity Tiw, after whom Tuesday was named, sacrificed his right hand for the good of humankind. FSM, 1987</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Benepisyal; isasalin</li> </ul> <p>Madalas na pinatutubo sa silangang bahagi ng bukid ang mga puno ng niyog. Maitutulad ito sa paglilipat ng mga orkidya at namumulaklak na mga halaman sa lugar kung saan sila masisikatan ng araw sa umaga. Inilalagay ng mga Gaddang ng hilagang Luzon ang kanilang sisidlan ng tubig na may mga mikroskopikong butas sa silangang bahagi ng nakataas na kusina. Habang tumatagas ang tubig mula sa sisidlan hanggang sa lupa, ang bahaging nasa ilalim ng kusina ay nagiging mainam na lugar sa pagsibol ng mga punla ng niyog. Sa tradisyunal na panganganak, ang kapuputol pa lamang na pusod ay ibinabaon na para bang mga silanganing niyog na naghihintay ng unang palatandaan ng buhay. “Tulad ng halaman, tulad ng sanggol”, ang mahikal na katuwiran. Kinikilala ang sikat ng araw bilang Tagapagdala ng Buhay. Ang pagkatig sa paikot na kanang direksiyon kapag gumagalaw nang paikot ay isang paalala sa sinaunang pagsamba sa araw. Nakaharap ang isang tao sa araw sa simula ng bawat seremonya at lumalayo mula rito, mula silangan tungong kanluran — na siyang nagiging “paikot sa kanan”. Naglalakbay ang tao sa pakanan na paraan. Itinuturing na may dalang suwerte ang gayong gawi. Kamalasan naman ang dala ng katumbalik nitong pakaliwa dahil sinasagisag nito ang pagpapalakas sa kapangyarihan ng kadiliman sa kaliwanagan. Subalit ang oral na tradisyong Nordiko ay may <i>south paw</i> o ganap na pandepensa ng isang kaliweteng tao: ang kaliweteng bathala na si Tiw, na pinagbatayan ng tawag sa <i>Tuesday</i> (Martes) na isinakripisyo ang kaniyang kanang kamay para sa kabutihan ng sangkatauhan.</p>

THE PROPHET'S EAR	ANG TAINGA NG PROPETA
<p>The less than a foot Philippine Mouse Deer (<i>Tragulus Nigricans Pilandok</i>) is the tiniest deer. The cud-chewing mini-Santa's helper has no antlers, but tusks like a deer, and lives on Balabac Island off the southern tip of Palawan. Deer are known to have existed on the archipelago 40,000 years ago – even in Tabon Cave where the first human skeletal remains of early Filipinos were uncovered. There are different deer types wandering the islands such as the Axis. Deer which is red or brown with spots. Among the Gaddang living in northern Luzon deer antlers were affixed to the first post placed when building a house: it was a symbol for success in hunting. But despite the use of venison (usa) for tapa or adobo, the animal was considered a messenger of karangat – forest spirits. If a deer bayed at a house, the karangat wanted a sacrificial feast. But in other communities killing a deer was taboo. The animal may have been considered a totem, and the ancestors of the ethnic group. Down south in Mindanao, at the opposite tip of the Philippines, the Yakan of Basilan Island recite a charming tale of the animal's origin: Prophet Mohammed awoke suddenly from a deep sleep when a mosquito wandered into his ear. He caught the buzzing culprit and threw it into a pile of rice that happened to be in front of him. Next day the rice was brought outside to dry. The mosquito awoke as a deer and jumped out of the grain, seeking safety. That is why the deer is wild and has such sensitive hearing; it descended from Mohammed's ear. FSM, 1987</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• <i>Ambivalent</i> o alanganin; isasalin nang may pagsasaayos</li> </ul> <p>Pinakamaliit na usa ang wala pang isang talampakang pilandok (<i>Tragulus Nigricans Pilandok</i>). Walang mga sungay ang maliit na palangatang katuwang ni Santa, bagaman may mga pangil tulad ng sa usa, at nakatira sa Isla ng Balabac na nasa pinakadulo ng katimugang Palawan. Nabubuhay na sa arkipelago ang mga usa 40,000 taon na ang nakalilipas — maging sa Kuweba ng Tabon kung saan nakita ang kalansay ng mga unang tao. May iba't ibang uri ng usa na gumagala sa mga isla tulad ng mga Axis. Mga usa na batik-batik na kulay pula o kayumanggi. Sa mga Gaddang na naninirahan sa hilagang Luzon, kinakabitan nila ng mga sungay ng usa ang unang inilagay na haligi kapag nagtatayo ng bahay: simbolo ito ng tagumpay sa pangangaso. Subalit sa kabila ng pagkain ng karne ng usa bilang tapa o adobo, itinuturing itong mensahero ng karangat — mga espiritu ng kagubatan. Kapag nanaghoy ito sa harap ng isang bahay, nais ng karangat ng handog na piging. Subalit sa ibang komunidad, ipinagbabawal ang pagpatay sa usa. Maaari ring ituring na isang <i>totem</i> o natural na simbolo, gayundin bilang mga ninuno ng pangkat etniko. Sa ibabang bahagi ng katimugan ng Mindanao, at sa kasalungat na dulo ng Pilipinas, binibigkas ng Yakan ng Isla ng Basilan ang kalugod-lugod na kuwento ng pinagmulan ng usa: biglang nagising mula sa mahimbing na pagkakatulog ang propetang si Mohammed nang lumipad-lipad sa kaniyang tainga ang isang lamok. Nahuli niya ang humihiging na maysala at inihagis sa talaksan ng palay na noo'y nasa kaniyang harapan. Nang sumunod na araw, inilabas ang mga palay upang ibilad. Nagising ang lamok na isa nang usa at tumalon mula sa mga butil, naghahanap ng kaligtasan. Sa gayon, kaya mailap ang usa at may sensitibong pandinig; ito ay nagmula sa tainga ni Mohammed. Itinuturing na napakahalagang espesye ng mga usa sa kagubatan dahil ganap o diganap na nakaapekto sa mga halaman at hayop ang kanilang paraan ng pagkain. Nanginginain ang mga ito sa mga makakahoy na pananim gaya ng mga usbong, maliliit na sanga, murang balat ng puno, at mga dahon ng pino. Gayundin naman, nagsisilbi itong pagkain ng mga lobo, oso, koyote, at maging ng tao. Maging ang patay na katawan nito ay nagiging pagkain ng mga agila, uwak, martines, at iba pang ibon at anumang kumakain ng bulok na hayop. Sa gayon, tunay na mahalagang salik ang mga usa sa pagkakaroon ng balanseng ekosistema (karagdagang tala mula sa Putman 117-122).</p>

<p style="text-align: center;"><b>BIRDS OF OMEN</b></p>	
<p>Christian religious symbolism uses the dove as a sign of peace and reconciliation (because of Noah's story), rest, simplicity, innocence, and love; it is also the Third Person of God. A pelican stands for atonement, and the Redeemer because it is believed the bird wounds itself to feed its young with its blood. The king of the birds, the eagle, is a royal emblem, and is respected worldwide for its swiftness, courage, and longevity. It represents regeneration through baptism because, according to legend, an eagle can renew its youth by plunging three times into a spring of pure water. But if there are birds of good tidings, there are also those that bear bad news or actually bring bad times, they say. The hoot of an owl sends shivers down the spines of folk Philippine: it may mean impending death. The grass owl is said to be the self-segmenting aswang's sidekick. Mangyan say that the seloputo owl is a rebellious dead ancestor threatening to return home. In Palawan, two owls the gukguk and the karawang – are said to visit resident evil spirits of homesites. There they fraternize noisily, the cacophony created horrible enough to strike fear in the hearts of the humans, or cause them much anguish at the very least. About 20 birds have been pronounced carriers of ill omen by the folk of Palawan: some birds enter the house to bring death, to announce someone's death. In the mid-1800s, there was a report about the tigmamanuquin – a bird whose flight was watched: if the bird flew to the left, the disastrous was augured; to the right, the auspicious. The Philippine sarimanok is a legendary bird of mysterious origin. One plausible story is that it comes from the manok or chicken. While a cock represents both vigilance and lust in Western art, in pre-Islamic Mindanao rituals, the chicken became a totem bird. The sarimanok has gone on to become a symbol of wealth, power and prestige. Other manok have not been so lucky; they've been killed for their entrails, which were believed to foretell the outcome of ventures. And manok that crow (hens don't, or do they?) are said to broadcast bad news. The manok that crows near the home of someone sick says he's dead for sure, And the young manok or dumalaga that crows that somewhere says in the neighborhood is a young woman, unmarried, who is pregnant. FSM, CSA, 1986</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Destruktibo o hindi isasalin</li> </ul>

## EKOSURI

**G**ámit ang ekolingguwistika at nabuong ekosopiya ng tagasalin, napagpasiyahan na isalin ang sanaysay na “The Sun Side” bílang **benepisyal** ito, isinalin naman nang may pagsasaayos ang “The Prophet’s Ear” bílang **ambivalent o alanganin** itong teksto, habang hindi naman isinalin ang “Birds of Omen” dahil **destruktibo** ito sa kabuoan.

Maituturing na benepisyal ang sanaysay na “The Sun Side” dahil sa malapit at dinakasisirang ugnayan sa pagitan ng tao at kalikasan. Metaporikal ang naging pagtingin sa búhay ng mga halaman: “moving orchids and flowering plants where they receive morning sunlight”, “In traditional child-bearing, the newly severed umbilical cord was buried as if it were a eastern coconut awaiting its first sign of green; “Like plant, like babe”, “Sunlight was recognized as Bearer of Life.” Sa pamamagitan ng pagbibigay-búhay at katangiang pantao sa kalikasan, napatitingkad ng sanaysay ang halaga nito sa kabuoan. Sa gayon, isinalin ang teksto nang naaayon sa orihinal nitong bersiyon.

Ikinukuwadro naman ng sanaysay na “The Prophet’s Ear” ang usa bílang isang sagradong hayop: “mini Santa’s helper”, “messenger of karangat – forest spirits”, “considered a totem, and the ancestors of the ethnic group”, at “descended from Mohammed’s ear”, kayâ naman nagbubunsod ang ganitong pagkilala upang bigyan ito ng paggalang at ibayong proteksiyon. Sa kabila nito, maituturing na **ambivalent o alanganin** ang sanaysay dahil na rin sa pagbibigay-tuon nito sa iba pang pakinabang ng tao sa usa gaya ng: “deer antlers were affixed to the first post placed when building a house: it was a symbol for success in hunting”, at “ the use of venison (usa) for tapa or adobo”. Sa gayon, isinalin ang teksto nang may pagsasaayos upang mapatingkad pa ang ekolohikal na aspekto nito. Sa pagsasagawa ng ekosalin nito, kinakailangan ang karagdagang talâ na maaaring magmula, pangunahin na sa pananaliksik. Sa kaso ng pag-aaral na ito, sumangguni ang tagasalin sa aklat ni Rory Putman na *The Natural History of Deer* upang maidagdag ang sumusunod:

“Itinuturing na napakahalagang espesye ng mga usa sa kagubatan dahil ganap o di-ganap na nakaaapekto sa mga

halaman at hayop ang kanilang paraan ng pagkain. Nanginginain ang mga ito sa mga makakahoy na pananim gaya ng mga usbong, maliliit na sanga, murang balat ng puno, at mga dahon ng pino. Gayundin naman, nagsisilbi itong pagkain ng mga lobo, oso, koyote, at maging ng tao. Maging ang patay na katawan nito ay nagiging pagkain ng mga agila, uwak, martines, at iba pang ibon at anumang kumakain ng bulok na hayop. Sa gayon, tunay na mahalagang salik ang mga usa sa pagkakaroon ng balanseng ekosistema” (karagdagang tala mula sa Putman 117-122).

Sa ganitong sitwasyon, mainam na maglagay ng kaukulang sitasyon. Sa naging halimbawa rin, makikitang may kahabaan ang naging karagdagan subalit napanatili pa rin ang mayorya ng idea mula sa orihinal. Nangangahulugan na “pagpapatingkad” o “pagpapalakas” ng ekolohikal na aspekto ang pangunahing layon ng idaragdag na idea o pananaliksik.

Sa hulíng sanaysay naman, bagaman nagtuon din sa mga positibong katangian ng mga ibon, maituturing namang pagbubura ang paraan ng pagpapakilala o paglalarawan ng sanaysay na “Birds of Omen” sa mga ibon dahil hindi nabibigyang-tuon ang kanilang ekolohikal na halaga o papel sa ekosistema. Gayundin ang pag-uugnay ng mga negatibong paniniwala hinggil sa mga ibon na naglalagay sa kanila sa panganib: “may mean impending death”, “the self-segmenting aswang’s sidekick”, “rebellious dead ancestor threatening to return home”, “ are said to visit resident evil spirits of homesites”, “enter the house to bring death, to announce someone’s death”, “if the bird flew to the left, the disastrous was augured”, “are said to broadcast bad news”. Maituturing na destruktibo ang sanaysay lalo’t hindi nabigyang-diin ang halaga ng pagpapatigil sa ganitong pagkilala hindi lámang sa mga ibon kundi sa iba pang hayop at halaman upang mapangalagaan ang kanilang mga búhay.

Sa mismong bahagi naman ng pagsasalin, bagaman kumatig ito sa paniwalang kinakailangang isakatuparan ng tagasalin ang kaniyang layunin at habang isinasagawa ito, depende sa pangangailangan, maaaring lumihis ang tagasalin sa matapat na pagsasalin ng simulaang teksto — sa puntong

may pagdaragdag, may manipulasyon na sa simulaang teksto upang makalikha ng ekosalin, may ilang obserbasyon sa naging proseso: epektibo ang paggamit ng salita bílang yunit ng pagsasalin kapag nagsasalin ng mga parirala o mga pangngalang pantangi; may mga pagkakataong napagpapasiyahan na lámang na hiramín ang ilang termino sa orihinal (maaaring magdagdag na lámang ng mga talâ upang mas maunawaan); may mga tekstuwal ding salik na dapat isaalang-alang sa pagsasalin na nakaapekto o nakaiimpluwensiya sa pagpili ng mga salita at ekspresyon sa simulaang teksto, at kalauna’y sa tunguhang teksto, Mahalaga ang mga ito lalo na sa pagsasalin ng mga tekstong *ambivalent* o alanganin. Ilan sa mga ito ang tono ng teksto, intensiyon ng akda at may-akda, ang uri o tipo ng teksto: kung ekspresibo, impormatibo ba ito; ang kalidad ng pagkakasulat, ang target na mambabasa; at maging ang rehistro: ang mga permanenteng katangian ng may-akda: dayalek, sosyolek, atbp.; ang antas ng pormalidad, antas ng kasaklawan at teknikalidad, at gayundin ang tono.

## KONGKLUSYON

May mahalagang papel ang pagsasalin sa pagsasalba sa kalikasan mula sa tuluyan nitong pagkasira. Katotohanang napatunayan ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagbubuo at paglalapat ng *ekosalin* sa mga-kuwentong-nakasanayan-na. Napatunayan na malaking tulong sa ekolohikal na perspektibo ang lingguwistika bílang disiplina na makarating sa mainam na pag-unawa kung paanong gumagana ang wika — kung paano ito ginagamit ng tao para sa sarili niyang kapakanan at kung paano ito naging behikulo sa pagkukubli ng mga katotohanang pumapabor o papabor sana sa kalikasan. Nilalayan ng ekosalin bílang dulong pampagsasalin na makalikha ng mga-bagong-kuwentong-kasanayan sa pamamagitan ng masinsing pagsusuri sa mga naratibong nakasanayan at nakabaon na sa kultura ng tao. Mula rito, magiging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng tao ang pagsunod sa ekosopiya na maaaring siya mismo ang lumikha. Mapapalinaw ang kaniyang posisyon tungo sa kalikasan at matutuklasan ang malalim na pagkakaunay niya rito — na hindi lámang dapat nakatuon

ang pagpapahalaga sa silbi nito sa kaniya, kundi dapat kilalanin ang kalikasan na may angking likás na halaga. Magbubunga ito ng ibayong kamalayan at kabuoang paggalang sa kabuoang yaman at dibersidad ng lahat ng buhay na matatagpuan sa ekospera.

Malaki ang maitutulong ng ekosalin sa isang bansang tulad ng Pilipinas na dumaranas ng krisis pangkalikasan, tulad ng pang-aabuso sa mahahalagang tirahan o *habitat* at ang lumalalang konsumerismo sa bansa na ang pangunahing naaapektuhan ay ang mga likás na yaman tulad ng mga hayop at halaman. Bílang nása sentro ng antroposeno, nalalagay ang Pilipinas sa bingit ng ekolohikal na pagkasira. Idagdag pang sa isang lipunan na itinuturing nang ‘norm’ ang pagkonsumo, wala nang puwang ang katwiran dahil ang karaniwang ideolohiya ng konsumeristang lipunan ay nakabatay sa kompormidad. Patunay sa matinding pangangailangang sirain ang mga nangingibabaw na ideolohiya, at palitán ng mga tekstong may makakalikasang pagpapahalaga.

Sa pamamagitan din ng isinagawang ekosalin, napatunayan na hindi lámang simpleng usaping panlingguwistika ang pagsasalin dahil isinasagawa ito nang may kaukulang kontrol at tiyak na layunin. Masasabing matagumpay ito kung magagawang makaapekto ng ekolohikal na konsiderasyon sa pagsasalin, samakatwid makaapekto sa tunguhang teksto, sa gayon, mahalagang usapin din ang etika ng pagsasalin na magbibigay-diin sa papel ng tagasalin bílang dalubhasa at siya ang magpapasiya sa kung ano ba ang papel ng simulaang teksto sa kaniyang pagsasalin, depende sa mismong layunin ng tunguhang teksto. Kayâ marapat din na nauunawaan niya ang mga usaping pangkalikasan at malinaw ang kanyang tindiing kaugnay ng mga ito. Mula sa binuong ekosopiya ng tagasalin, maitatawid niya sa pamamagitan ng ekosalin ang anumang pagpapahalagang pangkalikasan na pinanghahawakan niya. Samakatwid, hindi lámang simpleng tagasalin mula isang wika tungo sa isa pa ang papel ng tagasalin, kundi nása kaniya ang napakalaking oportunidad upang maipamalay sa mambabasa na may mga balakid kung bakit patúloy na nalalagay sa alanganin ang kalikasan o ang mundo sa kabuoan sa kabila ng mga pagsisisikap ng iba’t ibang institusyon, kasama na ang pamahalaan na iligtas ito sa tuluyang pagkasira — na may



mga katotohanang ikinukubli ang tao upang mapanatili ang kaniyang kapangyarihan sa iba pang maybúhay sa mundo, kaya't napakahalagang maging kritikal sa lahat ng mga nababasa't naririnig; sa kung paanong nagsasalungat ang mga ito o kung paano pinalalaganap ang kani-kanilang pagpapahalaga.

Sa huli, masasabing may mga hámon para sa ekosalin. Pangunahin na rito ang paraan nito ng pagsasalin na maaaring problematiko para iba. Tinitingnan ng ekosalin ang praktika ng pagsasalin bílang isang transpormasyon, at kinukuwestiyon nito ang mga negatibong kasanayan ng tao sa kaniyang kapaligiran — mga bagay na kung hindi bukás-isip at loob na uunawain at maisasakatuparan ay posibleng maging hanggahan hindi lámang nito, kundi ng mundo. ♦

## MGA SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S., pat. *UP Diksiyong Filipino (New Edition)*. Pasig City: Anvil Publishing, 2010. Limbag.
- Alvina, Corazon. S. at Felice Sta. Maria. *Halupi: Essays on Philippine Culture*. Quezon City: Capitol Publishing House, 1989. Limbag.
- Bassnett, Susan. *Translation Studies*. Ikatlong Edisyon. London/New York: Routledge, 2002. Limbag.
- Boquet, Yves. *The Philippine Archipelago*. Switzerland: Springer International Publishing AG, 2018. Limbag.
- Berk, Öslem. *Translation and Westernisation in Turkey: From the 1840s to the 1980s*. Istanbul: Efe Yayinlari, 2004. Limbag.
- Catibog, Corazon. S. at Lawrence. R. Heaney. *Philippine Biodiversity: Principles and Practice*. University of California: Haribon Foundation, 2006. Limbag.
- CITES (Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora). 2010. <https://cites.org/eng>
- Cronin, Michael. *Eco-Translation: Translation and Ecology in the Age of the Anthropocene*. Abingdon/New York: Routledge, 2017. Limbag.
- Drengson, Allan at Yuichi Inoue, mga pat. *The Deep Ecology Movement: An Introductory Anthology*. Berkeley, CA: North Atlantic Books, 1995. Limbag.
- English, Leo James. *English Tagalog Dictionary*. Mandaluyong City: Congregation of the Most Holy Redeemer, National Book Store, 2002. Limbag.
- Glotfelty, Cheryll, "Introduction: Literary Studies in an Age of Environmental Crisis." *The Ecocriticism Reader. Landmarks in Literary Ecology*. Mga pat. Cheryll Glotfelty & Harold

- Fromm. Athens: University of Georgia Press, 1996. xv-xxxvii. Limbag.
- Gritzner, Charles F. *Environment and Natural Resources*. Broomall, US: Chelsea House Publishers, 2010. Limbag.
- Hu, Gengshen. *Eco-Translatology Construction and Interpretation*. Beijing: The Commercial Press, 2013. Limbag.
- IUCN (International Union for Conservation of Nature). *IUCN red list of threatened species*. 2013. <http://iucnredlist.org>.
- Jakobson, Roman. "On Linguistic Aspect of Translation." *The Translation Studies Reader*. Pat. Lawrence Venuti. New York and London: Routledge, 2000. 113-118. Limbag.
- Kuhiwezak, Piotr at Karin Littau, mga pat. *A Companion to Translation Studies (volume 34 of Topics in Translation)*. Multilingual Matters, 2007. Limbag.
- Lebreton, Laurent CM, Joost van der Zwet, Jan-Willem Damsteeg, Boyan Slat, Anthony Andrady, Julia Reisser. "River plastic emissions to the world's oceans." *Nat Commun* (2017 Jun 7). <https://doi.org/10.1038/ncomms15611>. 30 Hun. 2023
- Lefevre, André. *Translation, Rewriting and the Manipulation of Literary Fame*. London/New York: Routledge, 1992. Limbag.
- Licuanan, Wilfredo Y., Reine W. Cabreira, at Porfirio M. Aliño. "Chapter 23: The Philippines." *World Seas: An Environmental Evaluation Volume II: The Indian Ocean to the Pacific*, 2018, 515-537. <https://doi.org/10.1016/B978-0-08-100853-9.00051-8>. 30 Hun. 2023.
- Nabholz, Anne-Catherine. *The Crisis of Modernity: Culture, Nature, and the Modernist Yearning for Authenticity*. 2004. University of Basel, Faculty of Humanities and Social Sciences, Disertasyong Doktoral.
- Naess, Arne. *Ecology, Community and Lifestyle: An Outline of an Ecosophy*. Isinalin ni David Rothenberg. New York: Cambridge University Press, 1989. Limbag.
- Putman, Rory. *The Natural History of Deer*. New York: Comstock Publishing Associates, 1988. Limbag.
- Rees, Colin. *The Philippines: A Natural History*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 2016. Limbag.
- Stibbe, Arran. *Ecolinguistics: Language, Ecology and the Stories We Live By*. Abingdon: Routledge, 2015. Limbag.
- Venuti, Lawrence, pat. *The Translation Studies Reader*. Unang Edisyon. London/New York: Routledge, 2000. Limbag.



Si CLAUDETTE M. ULIT ay nagtapos ng B.S. Education (Filipino) sa Unibersidad ng Santo Tomas, MA Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila, at PhD Pagsasalin sa Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang Katuwang na Propesor sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Saklaw ng kaniyang mga saliksik ang pedagohiya ng wika, pananaliksik pang-edukasyon at praktika, pagsasalin, at panunuring pampanitikan.